



BAGONG PILIPINAS

KAPASIYAHAN BLG. 2026-90

“NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN AT LUMAGDA SA ISANG MEMORANDUM OF AGREEMENT (MOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN AT DEPARTMENT OF LABOR AND EMPLOYMENT NA NAUUKOL SA GOVERNMENT INTERNSHIP PROGRAM.”

Sa Pagtataguyod ni:

Igg. Leo T. Santos

Tagapangulo

**Lupon sa Industriya, Pangangalakal, Parangal, Pagkilala,
Paggamit ng Lupa at Pagpaplanong Rurban**

SAPAGKA'T, ang Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan ay patuloy na nagsusulong ng mga programang magbibigay ng oportunidad sa kabataan upang magkaroon ng karanasan sa larangan ng pampublikong serbisyo;

SAPAGKA'T, ang Department of Labor and Employment (DOLE) ay may programang tinatawag na *Government Internship Program (GIP)* na naglalayong mabigyan ng pansamantalang trabaho at kasanayan ang mga kabataang Pilipino upang ihanda sila sa mas malawak na oportunidad sa paggawa;


SAPAGKA'T, kinakailangan ang pagpasok sa isang Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Bustos at ng DOLE upang maisakatuparan ang nasabing programa sa lokal na antas;

SAPAGKA'T, ang Punong Bayan, bilang punong ehekutibo ng bayan, ang may kapangyarihang kumatawan sa lokal na pamahalaan sa mga kasunduan alinsunod sa umiiral na batas.


KUNG KAYA'T, sa pagtataguyod ni **IGG. LEO T. SANTOS** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.


IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA, ng Sangguniang Bayan ng Bustos na bigyang pahintulot sa Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na katawanin ang pamahalaang bayan at lumagda sa isang *memorandum of agreement* (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan at Department of Labor and Employment na nauukol sa *Government Internship Program*.


PINAGTIBAY, ngayong ika-30 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.



Phillip Wryner B. Santos
Kasangguni



Kyle Gabrielle D.R. Navarro
Kasangguni



Romeo B. Cabalquinto
Kasangguni



Aljhaneal E. Quibones
Kasangguni


Leo T. Santos
Kasangguni


Melvin H. Melencio
Kasangguni


John Erick L. Perez
Kasangguni


Engr. Gliceria M. Perez
Kasangguni



Raymond R. Perez
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay


Mel Ryan P. Juan
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan


Martin S.J. Angeles, MMPA
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

— ■ —

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-30 ng Marso taong Dalawanlibo Dalawampu't Anim.


Atty. Gerardo S. Briasa
Kalihim